## GOLDEN WEIGHTS

*Lauren Angela Chua*

*Filipina Weightlifter Hidilyn Diaz Was Once Told “Hindi Ka Mabubuntis at Walang Magkakagusto Sa 'yo” — Preview Magazine*

Kipkip mo sa iyong dibdib ang backpack na siksik sa pangarap,
pati na ang paghihirap na dala-dala maging sa pagtulog: ang
dumudurog na mga bulong at sipol ng nag-iinuman doon sa
kanto, panghihipo ng nakasabay sa dyip noong nagdaang Linggo.
Lumaban ka’t ang panlaban nila: “k a b a b a e m o n g t a o ...”
at habang nadaragdagan ka ng gulang, padagdag na rin nang
padagdag ang nakaatang sa iyong balikat. Para bang di na gumaan-gaan ang mga
pasan-pasan. Dahil lagi kang inaasahang tumulong sa gawaing bahay: magluto, maglampaso,
maglaba, mamlantsa, mag-alaga ng magulang. Pagtuntong mo ng trenta: mag-asawa, mag-anak,
mag-alaga, magpadede, maghele, mag-ayos at maging presentable gamit ang kolorete, at
magiging “babae”. Para sa tone-toneladang buhat-buhat, iginagawad itong gintong medalya sa
ating mga Ate, Nanay, Tita, Lola, na atin ding huwarang
doktora, atleta, bumbero, makata, magsasaka, abogada, lider, sa
ipinamamalas na tapang at galing, pagtitiis at pagtindig sa lipunang
patriarkal na patuloy na pinipilit daganan ang mga pangarap at
potensyal, ang mga kakayahan at karunungan ng babaeng mula sa
dekadang ito’y tiyak na limpak-limpak ang ambag na tagumpay!